Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Lalaki na Umaapoy

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: E. Frischbutter

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Ang lahat ng mga bagay ay masama sa Israel. Ang hari and rayna aygalit sa Panginoong Diyos. Anong sama ng pahalimbawa! Oo, may mga ilan ilang sumasamba sa Diyos na talagang matapat. Isang araw, ang Panginoon ay nagsalita sa isa sa kanila na ang pangalan ay Elias.



Sinabi ni Elias sa makasalanang hari na si Ahab, "Habang ang Panginoon ng Israel ay buhay, walang hamog o ulan sa mga taon na darating, maliban kung sasabihin ko." Ang ibig sabihin ay may gutom! Ayaw na ng Panginoon ang kanyang mga taohang Israelites magpatuloy ng kanilang masasamang gawain.

Pagkatapos na inabisohan ng Panginoon ang hari, pinadala si Elias doon sa tahimik na lugar sa bukid. Doon sa tabi ng batis, naghintay si Elias. Nagpadala ang Panginoon ng mga uwak upang pakainin siya. May dala sila ng tinapay, ulam, umaga at gabi. At si Elias ay nakaimum sa tubig ng batis.

Hindi nag tagal ang batis ay natuyo, dahil sa hindi na umulan sa lupa. Ang Salita ng Diyos natupad na.



Ang buong bansa ay kinapus ng tubig. Ang mga tanim sa parang ay hindi tumubo. Ang mga tao ay gutom. Siguro si Elias ay nagtaka kung ano ang mangyayari sa kanya ngayon na wala na ang tubig sa batis.

Sinabi ng Panginoon kay Elias, ABumangun ka paroon sa Sarepta, at doon ka manatili. Tingnan mo, inutosan ko ang isang baong babae na pakainin ka.

"Magbigay pasiya ipakidala mo ako ng kaunting tubig sa tasa," Ang hingi ni Elias sa baong babae. "Pakidala mo ako ng kaperaong tinapay." "Wala akong tinapay," ang sagot ng baong babae. "Isang dakut na harina sa gusi at kaunting langis sa banga." Nalungkot ang babae nang sinabi niya sa propeta na pagnaubos na, siya at ang

kanyang anak na lalake ay mamatay sa gutom.

"Huwag kang matakot. Ihanda mo ako ng isang tinapay muna, at pagkatapos ihanda mo para sa iyo at iyong anak na lalake," sinabi ni Elias. "ang harina ay hindi mauubos, pati ang langis, hanggang ang araw ay darating na ang PANGINOON ay magpulan sa mundo." Ang Panginoon ay gagawa ng milagro upang iyan ang mangyari. At ginawa niya iyon! Ang baong babae at ang kanyang anak na lalake ay kumain ng tinapay ng maraming araw, datapu't ang gusi ay hindi nawalan ng harina, at ang langis sa banga ay hindi nauubos.



Si Elias ay nanirahan sa kanila. Isang araw may nakalulongkot na nangyari. Ang anak na lalake ay namatay. Kinuha ni Elias ang bangkay ng batang lalake at dinala sa silid tulugan. Dumaing siya sa Panginoon, sinabi, "O Panginoon ko, ako'y sumsamo, ibalik mo ang kalulowa ng batang ito."



Anong uring panalangin na hindi maaari!

Narinig ng Panginoon ang tinig ni Elias at ang kalulowa ng bata ay bumalik sa kanya, at nabuhay siya. Nang dinala ni Elias ang bata at binigay sa kanyang ina siya nagsabi, "Ngayon alam ko na ang mga salita na lumalabas sa iyong bibig ay katutuhanan."

Pagkatapos ng tatlong taon, pinadala muli si Elias sa hari, sinabi, "Ako'y magpaulan sa mundo." Pumunta ka kay Ahab?

Ang asawa ni Ahab na si Jezebel ay pinatay niya ang daan dang mga propeta ng Panginoon. Ngunit si Elias ay hindi nakipagtalo. Pumunta siya kay Haring Ahab.

Nang nagtagpo ang dalawa, hinamon ni Elias si Ahab na itipon ang lahat ng Israel at walong daan limang pong mga propeta hindi tunay. Sa bundok na tinatawag na Bundok ng Karmel, si Elias ay nagsilita sa mga tao. "Kung ang Panginoon ay Diyos, Siya'y dapat sundin."

Si Elias may dalawang baka na kanyang hinanda para sa handog na susunogin. Ngunit walang apoy na maguumpisa sa sunog. "Tumawag kayo sa inyong mga Diyos Diyosan, at ako ay tatawag sa pangalan ng Panginoon," si nabi niya. "At ang Panginoon na sasagut ng apoy, Siya ay Panginoon." "Mabuti ang nasasabi," ang sagut ng mga tao.

Simula sa umaga hanggang gabi, ang mga propeta hindi tunay ay nagsisitawag ng kanilang Diyos. Tumalun at sumayaw at hiniwa ang kanilang sariling katawan ng kutsilyo hanggang nagdurogu, ngunit walang apoy na dumating upang sunugin ang hinain.

Noon binuhosan ng maraming tubig ang mga kahoy at ang handog ni Elias, at nanalangin, "O Panginoon, pakinggan ninyo ako, upang ang mga tao ay makaalam na Kayo ay tunay na Panginoong Diyos ..."

Nang magkagayo=y ang apoy ay nalaglag. Sinupok ang handog na baka at ang mga kahoy.

Noon sinunog ang batong dambana.

Nang nakita ng bayan ito, sila ay sumigaw, "Ang Panginoon, Siya ay Diyos!" At si Elias ay nagsabi, "Dakpin ninyo ang mga propeta ni Baal. Walang isa na makatakas!" Ginawa ni Elias ang dapat gawin ni Ahab noong unang panahon.

Samakatuwid, ang alagad ng Panginoon ay nagsabi kay Ahab na ang ulan ay darating. Mayamaya may maliit na ulap sa langit. Uulan ba kaya? Pagkatapos ng tatlong taon ng pagkatuyo?

Mayamaya, ang langit ay dumilim sa mga ulap at hangin, at nagkaroon nga ng malakas na ulan. Ang Panginoon ay nagpadala ng ulan. Nagpakita ang Panginoon sa mga taohan na si Elias ay nagsalita sa kanila ng katutuhanan. Ang Panginoon nagpakilala na Siya lamang ang tunay na Diyos.

Nalalaman mo ba kung binigyan ni Haring Ahab ng karangalan ang Panginoon Diyos at ang Kanyang alagad na si Elias? Hindi! Sa katutuhonan, sinikap ni Jezebel, asawa ni Ahab, na patayin si Elias, ngunit siya ay nakatakas. Sa wakas, namatay si Ahab sa digmaan at ang mga alila ay hinulog nila si Jezebel sa mataas na pader sa palasio. Siya'y bumagsak sa mga bato sa baba at namatay.



Anong nangyari kay Elias? Isang araw, nagpadala ng karong apoy na may mga kabayong apoy; at si Elias, alagad ng Diyos na umapoy, ay pumunta sa langit sa epuipo.

Ang Lalaking Umaapoy

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

1 Mga Hari 17-19; 2 Mga Hari 2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16